

Opisina ng Mayor tungkol sa may **Kapansanan** (Mayor's Office on **Disability**)



Edwin M. Lee
Mayor

Carla Johnson, CBO, CASp
Director

PROSESO SA PAGLULUTAS NG MGA REKLAMO UKOL SA PAGLABAG SA ILALIM NG TITULO II NG AMERICANS WITH DISABILITIES ACT OF 1990 SA SYUDAD AT COUNTY NG SAN FRANCISCO

Ipinagtibay ng Syudad at County ng San Francisco ang proseso ng paglulutas sa mga reklamo para sa maagap at angkop na pagtugon sa mga reklamong isinasampa bilang mga hindi umaayon diumano sa Americans with Disabilities Act of 1990.

I. MGA PASILIDAD, PROGRAMA, SERBISYO O AKTIBIDAD NG SYUDAD

Ang mga reklamo hinggil sa pag-access sa mga pasilidad, programa, serbisyo o aktibidad ng Syudad ay dapat isumite sa Opisina ng Mayor tungkol sa may **Kapansanan** (Mayor's Office on Disability):

ADA Compliance Officer
Mayor's Office on Disability

1155 Market Street, 1st Floor
San Francisco, CA 94103
Voice: 415.554.6789
Fax: 415.554.6159
TTY: 415.554.6799
Email: MOD@sfgov.org

- A. Ang isang reklamo ay maaaring ihain sa pamamagitan ng pagsulat o, kapag hiniling bilang isang akomodasyon, sa isa pang pormat (kabilang na ang telepono) na kinokonsidera ang limitasyon ng nagrereklamo. Dapat ilagay sa reklamo ang pangalan ng nagreklamo, address ng tirahan at telepono, detalyadong paglalarawan ng pangyayari o kondisyon, ang lugar, petsa at oras ng insidente.
- B. Kapag natanggap na ang reklamo, ibibigay ng Opisina ng Mayor tungkol sa may **Kapansanan** (Mayor's Office on Disability) ang kopya ng reklamo sa angkop na ADA Coordinator ng departamento . Ang ADA Coordinator ng departamento ay magsasagawa ng isang imbestigasyon. Ang ADA Coordinator ng departamento ay maaaring humingi ng tulong sa Opisina ng Mayor tungkol sa may **Kapansanan** (Mayor's Office on Disability) at sa Abogado ng Lungsod kaugnay ng imbestigasyon at pagtugon sa reklamo.
- Ang mga alituntuning ito ay mga impormal ngunit masusing imbestigasyon na magkakaloob sa

nagrereklamo ng masusing pagrepaso at naaangkop na tugon.

- C. Sa loob ng tatlumpong (30) araw na may pasok pagkatanggap ng reklamo, isang nakasulat na tugon ang ipadadala sa Opisina ng Mayor tungkol sa may **Kapansanan** (Mayor's Office on Disability) bago ang pinal na kopya nito na pirmado ng ADA Coordinator ng departamento at ng pinuno ng departamento na syang ipadadala sa nagreklamo.
- D. Ang Opisina ng Mayor tungkol sa may **Kapansanan** (Mayor's Office on Disability) ay magtatago ng talaan ng bawat reklamo at ng tugon dito, at itatago ang mga ito sa loob ng limang taon.
- E. Ang nagrereklamo ay maaaring humiling ng muling pagsasaalang-alang ng reklamo kung siya ay hindi nasisiyahan sa resolusyon. Ang kahilingan ng muling pagsasaalang-alang ay dapat ihain sa Opisina ng Mayor tungkol sa may **Kapansanan** (Mayor's Office on Disability) nang nakasulat, o sa isang alternatibong paraan na madaling magagamit ng nagrereklamo, sa loob ng sampung (10) araw na may pasok pagkaraan ng pagkalabas ng sagot ng Lungsod sa reklamo.
- F. Ipaaalan ng Opisina ng Mayor tungkol sa may **Kapansanan** (Mayor's Office on Disability) sa ADA Coordinator ng departamento ang pagsasaalang-alang sa kahilingang ito at ang sasagutin ng ADA

Coordinator ng departamento ang kahilingan ng muling pagsasaalang-alang sa loob ng labing-limang (15) araw na may pasok pagkatanggap ng kahilingang ito. Ang sagot ng ADA Coordinator ng departamento ay dapat aprubahan ng Opisina ng Mayor tungkol sa may **Kapansanan** (Mayor's Office on Disability) bago ipadala sa nagrereklamo.

Ipadadala ng ADA Coordinator ng departamento ang kopya ng naaprubahang sagot sa kahilingan para sa muling pagsasaalang-alang sa Opisina ng Mayor tungkol sa may **Kapansanan** (Mayor's Office on Disability).

- G. Ang mga alituntuning ito ay tinuturing na maipagtanggol ang mga mahahalagang karapatan ng nagrereklamo at nagkakaloob ng katiyakan na ang Lungsod at County ng San Francisco ay tumutupad sa Seksiyon 504 at sa ADA at sa mga regulasyon sa pagpatupad nito.

II. TRABAHO (EMPLOYMENT)

Ang mga reklamo na nagpaparatang ng diskriminasyon laban sa mga aplikante o empleyado batay sa kapansanan ay kailangang ipadala sa:

Director, Department of Human Resources
Attention: Equal Employment Opportunity Division
One South Van Ness Avenue, 4th Floor
San Francisco, CA 94103
415.557.4800 Voice; 415.557.4900 Helpline

Para sa karagdagang impormasyon, kontakin lamang po ang:

Mayor's Office on Disability

1155 Market Street, 1st Floor

San Francisco, CA 94103

415.554.6789 Voice

415.554.6799 TTY

415. 554.6159 Fax

MOD@sfgov.org Email